

**INTERVIEW WITH PRESIDENTIAL SPOKESPERSON SECRETARY HARRY ROQUE
BY REGI ESPIRITU AND THEA PECHO CORPUZ
RH BREAK TIME | DZRH | 4:17 P.M. - 4:21 P.M.**

ESPIRITU: Secretary Harry Roque, magandang hapon po!

SEC. ROQUE: Magandang hapon po ‘no; at magandang hapon Pilipinas!

ESPIRITU: Mabuti naman po at pinaunlakan ninyo ang Break Time; si Regi and Thea po.

Medyo may confusion po sa airport ngayon kasi maraming mga pasahero na may dalang vaccination card, naka-dalawang bakuna na po, pero hinahanapan pa rin ng swab test sa paliparan; ano ho ba ang puwede nating remedyo rito, Secretary Roque?

SEC. ROQUE: Iyan po ay taliwas doon sa IATF Resolution na nagsasabi na iyong mga bakunado na basta dala-dala nila iyong vaccination card nila ay hindi na kinakailangang hingian RT-PCR test ‘no. So, nananawagan po tayo sa DOTr at saka sa Ninoy Aquino Airport Authority na sundin po iyong resolution na iyan. Ang kinakailangan lang po nilang ipakita ay ang kanilang mga vaccination card.

ESPIRITU: Vaccination card. Ito po iyong susunod na punto. Dahil sa effort po ng DZRH na matulungan iyong mga stranded nating kababayan sa airport, tinawagan po namin ang mga opisyal ng DOTr – Department of Transportation, at medyo nagtataka rin po sila at itinuturo naman iyong responsibilidad sa airport. Sino ho ba, Secretary, talaga ang masusunod rito sa bagay na ito?

SEC. ROQUE: Ang resolusyon po ng IATF ay resolusyon na inisyu ng IATF sa ngalan po ng Presidente. It is binding on all executive agencies and offices kasama po diyan ang DOTr at ang Ninoy Aquino International Airport.

ESPIRITU: Oho. Mayroon po kasi tayong—mayroon kaming mga nakausap doon na stranded aba’y umiiyak! Umiiyak po sa DZRH. Alam ninyo naman, Secretary, kung gaano kahirap mapuwerhuwisyo.

CORPUZ: Correct! At dagdag gastos.

ESPIRITU: Sa biyahe mo nagbayad ka na, etc. etc.

SEC. ROQUE: Ipararating po natin iyan sa DOTr, kay Secretary Tugade po at saka sa General Manager po ng airport na kinakailangan ipinapatupad po ang mga resolusyon ng IATF dahil ito nga po ay resolusyon na inisyu sa ngalan ng ating Presidente.

ESPIRITU: Iyon nga po. Iyan po ay nagkabisa noong Lunes, tama ho ba? Or today lang?

SEC. ROQUE: Tama po iyan—

ESPIRITU: Noong Lunes.

SEC. ROQUE: —nag-umpisa po iyan noong araw na inanunsyo.

ESPIRITU: Kailangan ba ang mga otoridad sa airport at DOTr sa paliparan eh mayroon pang pormal na kasulatan? Hindi ho po ba sapat iyong araw-araw na press conference ni Secretary Roque para malinawan nila ito?

SEC. ROQUE: Iyan po ay pina-publish natin sa Official Gazette; so, mayroon po iyang notification to everyone.

ESPIRITU: Opo. Nakiki-ano lang po kami, nakikiisa lang po kami sa mga kababayan natin na napeperhuwisyo sa airport.

CORPUZ: So ngayon po, Secretary Harry, matanong na lang din po natin, paano po kaya natin matutulungan iyong mga kababayan natin na naperhuwisyo ngayong araw na ito?

ESPIRITU: Nag-uuwian na lang eh imbes na lumakad.

SEC. ROQUE: Tatawagan po natin ang DOTr at ang NAIA at sasabihin na tulungan naman nila na makasakay muli iyan 'no sa mga alternatibong mga flight dahil hindi naman sila nakasakay dahil sa kanilang sariling mga gawa.

ESPIRITU: Kung papayuhan ninyo po sila, aalis po sila sa airport? Ipapayo ninyo ba na umuwi muna sila hanggang sa maresolba na iyong confusion na ito o doon lang sila sa paliparan?

SEC. ROQUE: Well, kinakailangan makipag-ugnayan na po sila dahil kung sila po ay hindi isinakay dahil nga sa kawalan ng RT-PCR test, hindi po iyan balido na dahilan. So kinakailangan mayroon pa ring obligasyon ang eroplano sa kanilang contract of carriage na pasakayin itong mga pasahero.

ESPIRITU: Okay.

SEC. ROQUE: Kinakailangan ko ng magpaalam dahil open forum na po dito sa Taguig kung saan kami nagkakaroon ng vaccination.

ESPIRITU: Ah okay. Salamat po, Secretary! Pasensya na po pero thank you. Thank you po!

SEC. ROQUE: Salamat po.